Filipino

# Tunay na tulong.
# Ngayon din.



# Ang $100 Power Saving na Bonus: Ang Community Outreach Program

Ang over-the-phone at in-person na suporta para sa mga may hawak na concession card para mag-apply para sa $100 Power Saving Bonus ay available sa pamamagitan ng aming Community Outreach Program.

## Ang $100 Power Saving Bonus

Ang Power Saving Bonus ay isang $100 na kabayaran na nagbibigay ng tunay na tulong upang matugunan ang halaga ng pamumuhay at mapababa ang mga singil sa enerhiya para sa mga taga-Victoria na nangangailangan. Ang mga sambahayan sa Victoria na may karapat-dapat na concession card ay maaaring bumisita sa Victorian Energy Compare website – compare.energy.vic.gov.au – para mag-apply online o mag-apply sa pamamagitan ng Community Outreach Program.

## Ang Community Outreach Program

Ang mga may hawak na concession card na nangangailangan ng tulong para mag-apply para sa $100 na kabayaran ay maaaring makatanggap ng over-the-phone o sa personal na suporta sa pamamagitan ng Community Outreach Program.

Maaaring tumawag ang mga kwalipikadong sambahayan sa 1800 000 832 para mag-apply para sa kanilang $100 Power Saving Bonus sa telepono o makakonekta sa isang kalahok na community outreach partner sa kanilang lugar.

## Mga Kinakailangan para Maging Karapat-dapat

Upang maging karapat-dapat, ang mga sambahayan ay kailangang:

- May kamakailang bill sa kuryente sa tirahan
- May hawak na isa sa mga sumusunod na concession card:
  - Kard ng Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Card)
  - Kard na Konsesyon ng Pensiyonado
  - Kard na Konsesyon ng Pensiyonado mula sa Veterans' Affairs
  - Gold Card mula sa Veterans' Affairs.

Isang kabayaran lamang sa bawat sambahayan ang makukuha.



**Upang mag-apply para sa $100 Power Saving Bonus, bisitahin ang compare.energy.vic.gov.au** o mag-apply sa telepono o sa personal sa pamamagitan ng Community Outreach Program.

VICTORIAN ENERGY COMPARE

VICTORIA State Government

# Tunay na tulong. Ngayon din.

## Paano ito gumagana

1. Alamin mo kung marapat ka para sa $100 Power Saving Bonus.
2. Ihanda ang mga sumusunod na dokumento:
   - kopya ng kamakailang bill sa kuryente
   - isang karapat-dapat na concession card
   - iyong lisensya sa pagmamaneho o Medicare card*

   Kailangan mong magbigay ng impormasyon mula sa mga dokumentong ito upang kumpirmahin ang iyong pagkakakilanlan at pagiging kwalipikado.
3. Makipag-ugnayan sa isa sa mga organisasyong nakalista sa pahinang ito upang mag-apply sa telepono o sa personal.
4. Kung maaprubahan ang iyong aplikasyon, padadalhan ka namin ng $100.

### Mga karapat-dapat na concession card




*Tinatanggap din ang Immicard at Australian Visa

## Kailangan mo ba ng tulong sa pag-apply para sa iyong $100 na kabayaran?

### Suporta sa telepono

Victorian Energy Compare helpline – 1800 000 832

Ang helpline ng Victorian Energy Compare ay tumutulong sa mga negosyo at sambahayan sa Victoria na gamitin ang website ng Victorian Energy Compare upang mahanap ang pinakamagandang alok sa enerhiya para sa kanila. Nagbibigay din ang helpline ng impormasyon at payo sa $100 Power Saving Bonus kasama ang direktang tulong para sa mga karapat-dapat na sambahayan na mag-apply sa telepono.

### Suporta nang harapan

Neighbourhood Houses Victoria – maghanap ng kalahok na sentro na malapit sa inyo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1800 000 832 o pagbisita sa compare.energy.vic.gov.au/psb-outreach

Ang Neighbourhood Houses ay nakabatay sa komunidad na mga lokal na organisasyon na may masigasig na mga boluntir na nag-aalok ng hanay ng mga gawaing panlipunan, pang-edukasyon, panlibangan at pansuporta sa mga tao na may iba't ibang edad, kakayahan at pinagmulan.

## Nagkakaproblema ka ba sa pagbabayad ng iyong mga singil sa enerhiya?

Ang Energy Assistance Program ay isang libreng serbisyo sa pamamagitan ng telepono na inihahatid sa pakikipagtulungan sa Anglicare Victoria na makakatulong sa iyong makatipid ng pera sa mga singil sa enerhiya. Ang programa ay magagamit sa mga kabahayan na may mababang kita o sa mga nahihirapang magbayad ng kanilang mga singil sa enerhiya.

Ang programa ay maaaring magbigay ng one-on-one na tulong sa:

- pag-apply para sa mga karapat-dapat na konsesyon at grant
- pag-access sa mga programa sa kahirapan ng iyong retailer
- paghahanap, paghahambing at paglipat sa mas magagandang alok na enerhiya
- pag-unawa sa mga singil sa enerhiya at pagtukoy sa mga kamalian sa singil
- pagtitipid ng enerhiya sa bahay
- pag-access ng mga serbisyo tulad ng financial counselling.



Upang makakuha ng tulong sa iyong mga singil sa enerhiya, tumawag sa 1800 161 215 Lunes hanggang Biyernes 9:00am - 5pm (maliban sa mga pista opisyal).

© Ang Kagawaran ng Enerhiya, Kapaligiran at Aksyon para sa Klima ng Estado ng Victoria Agosto 2025

ISBN 978-1-76176-510-0 (Print)
ISBN 978-1-76176-511-7 (pdf/online/MS word)

**Pagtatatwa**
Ang publikasyong ito ay maaaring makatulong sa iyo ngunit ang Estado ng Victoria at ang mga empleyado nito ay hindi ginagarantiyahan na ang publikasyon ay walang anumang uri ng kamalian o ganap na naaangkop para sa iyong partikular na mga layunin at samakatuwid ay tinatanggihan ang lahat ng pananagutan para sa anumang pagkakamali, pagkawala o iba pang kahihinatnan na maaaring sanhi ng iyong pagsalalay sa anumang impormasyon sa publikasyong ito.

Para sa tulong sa mga wika na maliban sa Ingles, makipag-ugnay sa Translating and Interpreting Services (TIS) sa 131 450.

VICTORIA State Government

2052